


Ang Pagsubok ng Pananampalataya ni Job

(Job 1:1-22, 2:1-11, 38:1-41:34, 42:1-17)

Noong unang panahon, sa isang lugar na tinatawag na Uz, may isang tao na nagngangalang Job. Si Job ay isang napakabuting tao—siya ay tapat, matuwid, at palaging sinusunod ang Diyos. Mahal na mahal ni Job ang Diyos at palagi niyang pinasasalamatan ang lahat ng magagandang bagay sa kanyang buhay.



Si Job ay mayaman. Siya ay may pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae, maraming lupain, at napakaraming tupa, kamelyo, baka, at asno na higit pa sa kaya mong bilangin! Ang lahat sa Uz ay nakakaalam na si Job ay isang taong mayaman at may mabuting puso.

Isang araw, may nangyaring kakaiba sa langit. Nag-usap ang Diyos at si Satanas. Ipinagmamalaki ng Diyos si Job at sinabi, "Tingnan mo ang aking lingkod na si Job! Walang kapantay siya sa lupa. Siya ay isang mabuting tao na nagmamahal sa akin at palaging gumagawa ng tama."

Ngunit hindi naniwala si Satanas. "Oo, mabuti siya ngayon," sabi niya. "Pero tiyak, ginagawa lang niya iyan dahil binigyan Mo siya ng lahat ng bagay na nais niya. Alisin Mo ang lahat ng iyon at tiyak na tatalikuran ka niya."

Pumayag ang Diyos na subukin si Job. Ngunit binigyan Niya si Satanas ng isang utos: maaari niyang alisin ang lahat ng pag-aari ni Job, ngunit hindi siya maaaring saktan.

Isang araw, nagkaroon ng malubhang sakuna sa buhay ni Job. Nakaupo siya sa bahay nang isang lingkod ang dumating na may takot sa kanyang mukha. "Panginoon, may masamang balita ako!" sigaw ng lingkod. "Ninakaw ng mga tulisan ang iyong mga baka at asno! Pinatay nila ang lahat ng mga tagapag-alaga, at ako lang ang nakaligtas at nakapagsabi sa iyo."

Bago pa man matapos magsalita ang lingkod, dumating ang isa pang lingkod. "Panginoon, tinamaan ng kidlat ang mga tupa mo sa pastulan! Lahat ng tupa at pastol ay namatay! Ako lang ang nakaligtas at nakapagsabi sa iyo."

Nanghina ang puso ni Job, ngunit bago pa man siya makapag-react, dumating ang ikatlong lingkod, na mukhang takot na takot. "Dumating ang isang hukbo ng kaaway at kinuha ang

lahat ng iyong mga kamelyo! Pinatay nila ang lahat ng mga katulong, at ako lang ang nakatakas para sabihin sa iyo."

Hindi pa tapos ang mga nakakalungkot na balita. Dumating ang isa pang lingkod na may luhang bumuhos sa kanyang mga mata. "Panginoon, ang iyong mga anak... sila ay nagkakasiyahan sa bahay ng nakatatandang kapatid nang biglang bumagsak ang bahay dahil sa malakas na hangin. Lahat sila ay namatay! Ako lang ang nakaligtas at nakapagsabi sa iyo."

Nasaktan si Job. Pinunit niya ang kanyang damit at naupo sa abo bilang tanda ng matinding kalungkutan. Ngunit kahit na sa kabila ng lahat, si Job ay patuloy na sumamba sa Diyos at nagsabi, "Ang Diyos ang nagbigay, at ang Diyos ang kumuha. Purihin ang pangalan ng Diyos."

Hindi pa natapos si Satanas. Bumalik siya sa Diyos at nagsabi, "Tapat pa rin si Job, ngunit dahil hindi pa siya nagkakasakit. Hayaan mong balikan siya at gawing may sakit, at tiyak na susumpain Ka niya."

Pumayag ang Diyos na subukin pa si Job, ngunit binigyan siya ng isa pang utos: maaari niyang gawin ang nais niyang gawin kay Job ngunit hindi siya maaaring patayin.

Hindi nagtagal, si Job ay nagkaroon ng mga malulubhang sugat sa buong katawan. Ang kanyang mga sugat ay napakasakit na siya'y umupo sa abo at kinakamot ang kanyang mga sugat gamit ang piraso ng basag na palayok. Kahit na sa kabila ng kanyang matinding paghihirap, hindi siya nagalit sa Diyos.

Ngunit hindi makayanan ng asawa ni Job ang kanyang pagdurusa. Sabi niya kay Job, "Bakit ka pa nananatiling tapat sa Diyos? Isumpa mo na Siya at nang mamatay ka na!"

Ngunit tumugon si Job, "Ikaw ay nagsasalita ng mga bagay na walang kabuluhan. Dapat ba tayong tumanggap ng mabuting bagay mula sa Diyos at hindi ng masama?" Sa kabila ng kanyang paghihirap, hindi nagsalita si Job ng laban sa Diyos.

Pagkatapos ng maraming araw ng pakikipag-usap ni Job sa kanyang mga kaibigan, nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ng isang ipo-ipo. Sa halip na sagutin ang mga tanong ni Job, tinanong siya ng Diyos ng maraming bagay. Napagtanto ni Job na may mga bagay na hindi niya kayang intidihin. Siya ay nagpakumbaba at kinilala ang kanyang pagkakamali.

Nalugod ang Diyos sa pagpapakumbaba at katapatan ni Job sa kabila ng kanyang mga pagsubok. Sinabi ng Diyos sa mga kaibigan ni Job na mali sila sa pagsisi kay Job. Pagkatapos nito, ibinalik ng Diyos ang lahat ng nawala kay Job, at higit pa! Nakakuha siya ng doble sa kanyang mga alagang hayop, nagkaroon ng sampung bagong anak, at namuhay siya ng mahaba at masaya.



Ang Diyos ay all-knowing at sovereign. Nangyayari ang mga bagay ayon sa Kanyang naisin. Siya ang may kontrol sa lahat ng Kanyang nilalang at sa lahat ng mga nangyayari. Ang mga paraan ng Diyos ay malayo sa kaalaman at pang-unawa ng tao. Kahit na may masasamang nangyayari, ang Diyos pa rin ang may hawak ng lahat. Walang mangyayari nang hindi Niya nalalaman. May plano ang Diyos para sa buhay ni Job, kahit na hindi ito maintindihan ni Job noong panahong iyon. Minsan hindi natin maintindihan kung bakit nangyayari ang mga bagay, ngunit maaari tayong magtiwala na alam ng Diyos kung ano ang pinakamabuti sa atin sa sa Kanyang mga nilikha.

